



Los Angeles County Registrar-Recorder/County Clerk

DEAN C. LOGAN

Registrar-Recorder/County Clerk

Ika-5 ng Oktubre, 2020

Kagalang-galang na Alex Padilla
Kalihim ng Estado
1500 11th Street
Sacramento, CA 95814

RE: Pandagdag na Plano ng Pangasiwaan sa Halalan (EAP)

Mahal na Kalihim Padilla:

Ang liham na ito ay nagsisilbing isang pandagdag na seksyon upang samahan ang Plano ng Pangasiwaan sa Halalan (EAP) ng County ng Los Angeles. Sinasalamin ng liham na ito ang mga pagbabagong nagawa upang matugunan ang mga kinakailangan sa pamamahala at upang tumugon sa pandemya ng COVID-19 na may kaugnayan sa pangangasiwa ng ika-3 ng Nobyembre 3, 2020 na Pampanguluhang Pangkalahatang Halalan.

Ang County ng Los Angeles ay nagpatupad ng mga pagbabago sa pamamahala ng Pampanguluhang Pangkalahatang Halalan mula pa noong nagbuo ng EAP na inaprubahan ng Kalihim ng Estado noong ika-17 ng Enero, 2020. Kasama sa mga pagbabago ang:

- Ang pagdaragdag ng bilang ng mga kahong hulugan ng balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo (VBM) mula 206 (naipatupad noong ika-3 ng Marso, 2020 na Pampanguluhang Primaryang Halalan) hanggang 402. Ang pagtaas sa bilang ng kahong hulugan ng VBM ay sumasalamin sa pagtaas ng mga serbisyong nauugnay sa pag-isyu ng mga balota ng VBM sa lahat ng mga aktibong botante. Ang isang listahan ng mga lokasyon ay kalakip nito.
- Pagtaguyod ng 131 11-araw na mga sentro ng pagboto at 653 5-araw na mga sentro ng pagboto. Ang kabuuang bilang ng mga sentro ng pagboto na itinatag ay 784. Mayroong 758 na natatanging mga pasilidad na may ilan ang naglalaman ng maraming mga sentro ng pagboto. Ang isang listahan ng lahat ng mga sentro ng pagboto ay kalakip nito.
- Pagpapatupad ng "Plano sa Ligtas na Pampanguluhang Halalan" sa lahat ng mga sentro ng pagboto, na nakahanay sa "Patnubay sa Pamamahala ng Halalan sa ilalim ng COVID-19." Ang planong ito ay binuo upang ihanay sa mga opisyal ng kalusugan ng estado at county. Ang isang kopya ng plano ay kalakip nito.

- Ang pagbibigay ng mga serbisyong iba't-ibang wika para sa mga bagong idinagdag na wika na kinilala sa ilalim ng Kodigo ng Halalan Seksyon 14201; kabilang ang Bengali, Burmese, Gujarati, Indonesian, Mongolian at Telugu. Para sa mga bagong wika, ang mga serbisyo ay sumusunod:
 - Magagamit ang mga kopya ng balota para sa mga botante ng VBM na humihiling ng mga nakasaling mga materyales.
 - Magagamit na tauhang may dalawang wika upang tulungan ang mga botante sa pamamagitan ng aplikasyon sa komperensyang video na inaalok sa lahat ng mga sentro ng boto. Nagbibigay ang serbisyong ito ng tatlong-daan na komunikasyon kung saan ang mga botante ay tumatanggap ng tulong mula sa parehong kawani na may dalawang wika at mga manggagawa sa halalan.
 - Personal na pagkalap ng mga may dalawang wikang manggagawa sa halalan sa mga nakatuong sentro ng pagboto.
 - Ibigay ang mga isinaling tagubilin sa lahat ng mga sentro ng pagboto na may patnubay kung paano magpatala ng balota at isang paliwanag sa mga nilalaman ng balota.
- Pinalawak na kampanya sa media na gumagamit ng inilimbag, radyo, telebisyon, social media at panlabas ng tahanan na anunsyo upang maabot ang lahat ng mga komunidad sa County. Tinitiyak ng kampanya na ang hyperlocal ethnic media ay nakikibahagi upang magamit ang mga pinagkakatiwalaang tinig sa aming mga komunidad upang maihatid ang aming mga mensahe. Nakalakip ang istrategiya ng media.

Kung mayroon kayong anumang mga katanungan o kailangan ng karagdagang impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa akin o ang iyong tauhan ay maaaring makipag-ugnayan kay Monica Flores, Tagapamahala ng Dibisyon ng Pamahalaan at Pambatasang Usapin, sa 562-462-2697.

Gumagalang,

DEAN C. LOGAN
Tagapagrehistro-Tagapagtala/Klerk ng County

k: Mga Miyembro, Lupon ng Mga Superbisor
Fesia Davenport, Tumatayong Punong Tagapagpaganap na Opisyal



MGA SOLUSYON SA PAGBOTO PARA SA LAHAT NG MGA TAO



PLANO SA LIGTAS NA PAMPANGULUHANG HALALAN

Ang “Plano sa Ligtas na Pampanguluhang Halalan” ng County ng Los Angeles ay nakahanay sa “Patnubay ng Pangasiwaan ng Halalan sa ilalim ng COVID-19” ng California. Ang bawat isa ay pinagbuti sa payo ng mga kaugnay na awtoridad sa kalusugan gamit ang pinakamagaling na impormasyon sa kalusugan ng publiko na mayroon, kabilang ang patnubay na ibinigay ng Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pagpigil ng mga Sakit ng U.S. (CDC) at ng mga opisyal ng kalusugan ng publiko ng California.

Ang Tagapagrehistro-Tagapagtala/Klerk ng County (RR/CC) ng Los Angeles ay:



- Bumuo ng isang planong-tukoy sa lokasyon na proteksyon sa pagboto.
- Nagsanay ng mga manggagawa sa mga hakbang upang limitahan ang pagkalat ng COVID-19, kabilang ang pagsala sa kanilang sarili para sa mga sintomas at pamamalagi sa bahay kung kinakailangan.
- Nagtakda ng mga hakbang sa pagpigil at pagsala sa sarili ng mga manggagawa.
- Nagtakda at nagpahayag ng mga patnubay sa pisikal na paglayo.
- Nagpatupad ng mga protokol sa paghuhugas ng kamay, pagtatakip ng mukha at disimpeksyon.

PARA SA MGA BOTANTE

Lahat ng nakarehistrong mga botante ay mapadadalhan ng balota sa Pagboto sa pamamagitan ng Koreo.

Ang L.A. County ay hinihikayat ang mga botante na manatili sa tahanan at bumoto gamit ang kanilang balotang pangkoreo. Gayon pa man, para sa ibang indibidwal, mas kanais-nais ang pagboto nang personal. Saan man pinapayagan ang personal na pagboto, susunod tayo sa patnubay sa kalusugan at kaligtasan ng publiko ng Estado at County upang maghatid ng ligtas na kapaligiran ng pagboto.

Impormasyon sa COVID-19 para sa Personal na Pagboto:

- Ang mga botante ay kinakailangang magsuot ng pantakip sa mukha sa sentro ng pagboto o sa linyang hintayan.
- Ang mga pantakip sa mukha at gwantes ay maaaring magamit ng mga botante kung hihilingin.
- Ang mga panlinis ng kamay ay ibibigay sa oras ng pagpasok at paglabas sa Sentro ng Pagboto.
- Ang mga panlinis ng kamay ay maaari ring makuha sa mga pangunahing istasyon sa panahon ng proseso ng pagboto.
- Ang paglayo sa kapwa-tao ay ipatutupad habang naghihintay sa pila at sa buong proseso ng pagtatala at pagboto.
- Ang mga ePollbook at mga Kagamitan sa Pagmarka ng Balota ay lilinisin pagkatapos ng bawat botante.
- Ang mga botante ay hinihikayat na gumawa ng mga hakbang upang mapabilis ang kanilang proseso ng pagboto upang limitahan ang kanilang oras sa Sentro ng Pagboto. Kabilang dito ang pagberipika nang maaga sa rehistrasyon ng botante, gamit ang Interaktibong Halimbawang Balota (ISB) upang markahan na ang mga pinili, at pagdadala ng kanilang Halimbawang Balota upang pabilisin ang pagtatala ng botante.
- Ang mga botante ay hihikayating samantalain ang maagang pagboto at bumoto sa mga oras na kakaunti ang tao kung may pagkakataon.
- Ang pagboto sa gilid ng daan ay patuloy na pinapayagan para sa mga botante na hindi kayang pumasok sa Sentro ng Pagboto.



**Bomoto ng
Ligtas sa
Bahay,
Gawing
Marinig ang
Iyong Boses!**



PLANO SA LIGTAS NA PAMPANGULUHANG HALALAN



D5 F5 'G5 'A5 B; ; 5; 5 K 5 'G5' <5 @ @ B

5b['a ['UAUb[['U' Uk UgU<'UUUb'UmigUgUbUnj'bi dUbi']dUhi dUX'Ub['a ['Ugi a i gi bcX'bU'dUrbi VUm

- Pagsasagawa ng pagboto sa mga kandidato sa mga opisyal ng lokal na pamahalaan.
- Paghiwalayin ang mga ruta para sa pagpasok at paglabas kung saan posible.
- Bukas palagi ang mga pintuan.
- Ang mga bintana ay bubuksan upang madagdagan ang sirkulasyon ng hangin kung saan posible.
- Ang mga istasyon ng pag tsek-in at mga Kagamitang Pagmarka ng Balota ay isasaayos upang lumikha ng pisikal na distansya.
- Ang bawat Sentro ng Pagboto ay magkakaroon ng isang istasyon ng hintuan sa pasukan kung saan bibigyan ng sanitizer sa kamay ang mga botante. Magagamit ang mga maskara at guwantes para sa mga botante kung kinakailangan. Ang isang manggagawa sa halalan ay ilalagay dito upang paalalahanan ang mga botante ng mga espesyal na pag-iingat.
- Kung pahihintulutan ng panahon, ang bilang ng mga botante sa pasilidad ay malilimitahan sa paglipat ng mga linya sa labas.

D @ BC`B; `G9BHFC`B; `D5; 6 CHC

- Ang isang pasadyang plano ng Sentro ng Pagboto ay nilikha para sa bawat lokasyon na tinitiyak ang 6 na talampakang pisikal na distansya sa buong Sentro ng Pagboto hanggang sa abot ng makakaya.
- Isang-direksyon ng trapiko sa paglakad.
- Paghiwalayin ang mga ruta para sa pagpasok at paglabas kung saan posible.
- Bukas palagi ang mga pintuan.
- Ang mga bintana ay bubuksan upang madagdagan ang sirkulasyon ng hangin kung saan posible.
- Ang mga istasyon ng pag tsek-in at mga Kagamitang Pagmarka ng Balota ay isasaayos upang lumikha ng pisikal na distansya.
- Ang bawat Sentro ng Pagboto ay magkakaroon ng isang istasyon ng hintuan sa pasukan kung saan bibigyan ng sanitizer sa kamay ang mga botante. Magagamit ang mga maskara at guwantes para sa mga botante kung kinakailangan. Ang isang manggagawa sa halalan ay ilalagay dito upang paalalahanan ang mga botante ng mga espesyal na pag-iingat.
- Kung pahihintulutan ng panahon, ang bilang ng mga botante sa pasilidad ay malilimitahan sa paglipat ng mga linya sa labas.

NAKASULAT NA D5 <K 5 H

- Ang mga nakasulat na pahiwatig upang paalalahanan ang mga botante, tagamasid at manggagawa ng pisikal na distansya, pagtakip sa mukha, at mga pagsapanahon ng mga tutularang trapiko ng paglakad.
- Malinaw na nakasulat na pahiwatig upang sabihin ang naaangkop na distansya.
- Nakapaskil sa mga pasukan at lubos na nakikitang mga lokasyon.
- Ang mga biswal na paalala (hal., mga marka sa sahig, may kulay na tape, o mga karatula) ay ipapakalat upang ipaalala sa mga manggagawa at botante ang naaangkop na paglayo.

5 B; `A98-5 ŽGC7-5 @A98-5 `5 H'HI K ≠5 B; `?CAI B≠5 GMCB`

Ang kampanya ng media ng County ay magsasama ng mga sumusunod na mga bahagi:

- Ang pagboto sa pamamagitan ng koreo ay isang ligtas na pagpipilian upang maiwasan ang pagkakalantad sa COVID-19 habang bumoboto.
- Mayroong mga alternatibo upang makapagbigay ng kapalit na balota o upang matulungan kang makapaghulog ng balota na hindi pumapasok sa isang lugar ng pagboto kasama ang mga pamamaraan para sa paghingi ng isang pamalit, kahong hulugan at pagboto sa gilid ng daan.
- Kung kailangan mong pumasok sa isang lokasyon ng pagboto, mangyaring:
 - Magsuot ng pantakip sa mukha.
 - Panatilihin ang pisikal na distansya ng hindi bababa sa 6 na talampakan mula sa mga taong hindi mo kasambahay.
 - Gumamit ng sanitizer sa kamay bago lumapit sa istasyon ng tsek-in at pagkatapos ng pagboto.
 - Sundin ang anumang karagdagang patnubay na ibinigay sa lokasyon ng pagboto.

Ang planong ito ay nagsisilbing pamantayan. Ang Plano sa Ligtas na Pampanguluhang Halalan ng RR/CC ay patuloy na lumalago at lumalawak habang patuloy na lumalabas ang mga bagong patnubay at rekomendasyon.

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang LAVote.net



Nobyembre 2020

Bayad na Kampanya sa Media

Tagapagrehistro-Tagapagtala/Klerk ng County

Ika-21 ng Hulyo, 2020

Marso 2020

Pangkalahatang Ideya ng Kampanya sa Media

- Mga Tuwirang Pagpapakoreo
- Mga Anunsyo sa TV
- Mga Anunsyo sa Radyo
- Mga Paskilan
- Mga Nakalimbag na Anunsyo
- Mga Naihahatid na Anunsyo
- Mga Digital Media na Anunsyo
- Mga Social Media na Anunsyo
- Mga Paunawa sa Email

**430+ MILYONG
IMPRESYON**



Mga Pagpapabuti sa Kampanya sa Media sa Nobyembre

- Matinding pagtuon sa mga lokal at iba't-ibang wikang komunidad
- Pinalawak ang aming digital na katayuan sa mga larangan ng digital na anunsyong at plataporma ng social media
- Gumamit ng (mga) pakikipagsosyo sa pagsasaliksik ng mensahe at malikhaing pagbuo para sa mga madla ng wikang Ingles at maraming wika
- Gumamit ng solong ahensya, o mga ahensya, upang manguna sa pananaliksik, malikhaing pag-unlad, istratehiya, at pag-uulat



Mga Pangunahing Mensahe sa Nobyembre

- Sa panahon ng COVID-19, magpapadala ang County sa bawat rehistradong botante ng isang balota ng Pagboto sa pamamagitan ng Koreo upang matiyak na mayroon silang ligtas at napupuntahang opsyon sa pagboto
- Hihikayatin namin ang pakikilahok ng botante sa pamamagitan ng pagbabalik ng isang balota ng Pagboto sa pamamagitan ng Koreo
- Ang personal na opsyon ng pagboto ay magagamit sa ligtas at napupuntahang mga Sentro ng Pagboto
- Bumoto ng MAAGA – maging sa pamamagitan ng koreo o ng personal



Mabilis na Kaalaman sa Tuwirang Pagpapakoreo

TUWIRANG PAGPAPAKOREO SA LAHAT NG REHISTRADONG BOTANTE

Pagpapakoreo #1

- Kamalayan sa pag-unawa ng Pagboto sa pamamagitan ng Koreo at kumpirmasyon ng paninirahan
- Kasama ng pagpapakoreo ang isang bayad-sa koreong kard na nagpapahintulot sa mga botante na lumipat na isapanahon ang kanilang tirahan at address sa koreo
- Ang pagpapadala sa hulugan ng sulat ay mag-uumpisa sa: Lunes, Ika-27 ng Hulyo

Pagpapakoreo #2

- Kamalayan sa pag-unawa ng Pagboto sa pamamagitan ng Koreo at aplikasyon sa ginustong wika
- Kasama ng pagpapakoreo ang isang bayad-sa koreong kard na nagbibigay ng opsyon upang tumanggap ng mga materyal ng halalan sa isa sa 18 mga wika
- Ang pagpapadala sa hulugan ng sulat ay mag-uumpisa sa: Lunes, Ika-10 ng Agosto



Aklat ng Sentro ng Pagboto

- Ang aming tanggapan ay magpapadala sa koreo sa lahat ng parokyanong postal ng isang aklat na naglalaman ng lahat ng lokasyon ng mga Sentro ng Pagboto na magagamit sa Nobyembre
- Kasama sa aklat ang impormasyon kung paano namin pananatilihing ligtas ang mga botante at Manggagawa sa Halalan sa panahon ng COVID-19
- Isasama sa pagmemensahe kung paano maaaring magparehistro ang mga karapat-dapat na botante upang bumoto
- Ang tinatayang petsa ng pagpapakoreo ng aklat na ito ay ika-12 ng Oktubre



Bayad na Kampanya sa Media

- Sinimulan ng aming tanggapan ang mga pagkikipag-usap sa tatlong ahensya na dalubhasa sa kilusang panlipunan, malakihang merkado ng media, at lokal na etniko na media. Kasama sa tatlong ahensyang iyon ang:
 - Fenton
 - iHeart Media
 - LA Ethnic Round Table



Fenton

Upang mamuno sa bayad na kampanya sa media sa pagmemensahe, pagsubok, istrategiya, malikhaing pag-unlad at paglalagay ng media.

Lumikha | Pagsuri | Gumawa

- Mga mensahe
- Pagsuri ng mensahe
- Gawang-sining
- Malikhaing ari-arian
- Pahinang daungan ng mga katulong

Mag-iskedyul | Magreserba | Magpakalat

- Mga lokal na lider at taga-impluwensya
- Mga anunsyong digital
- Mga anunsyong sa social media
- Nililmbag at Labas sa Tahanang mga anunsyong
- Email at komunikasyong SMS

Sundan | Pag-aralan | Gumawa

- Magbigay ng regular (araw-araw/lingguhan) na ulat sa mga ari-ariang bayad na media
- Magbigay ng rekomendasyon kung/kailan kailangang ayusin ang media
- Lumikha, magbigay at magharap ng isang detalyadong ulat sa bayad na media



iHeart Media

Ang iHeart Media ay kumuha ng inaprubahang pagmemensahe at mga malikhaing pag-aari at istrategikong ilagay ang mga ito sa mga channel sa ibaba, at manguna sa pagkukusa ng kilalang tao at maimpluwensyang atleta.

Mag-iskedyul | Magreserba | Magpakalat

- Mga anunsyo sa TV – broadcast at cable
- Anunsyo sa Radyo – sa loob at labas ng network
- Mga anunsyong digital na radyo – sa loob at labas ng network

Sundan | Pag-aralan | Gumawa

- Pag-eendorso ng kilalang tao at atleta
- Mga istasyon at kilalang tao sa social media
- Makatotohanang pagsasama ng kaganapan



LA Ethnic Media Roundtable

Mamuno sa matinding-pagtuon at etnikong media at mga pagsisikap sa pag-abot.

Mag-iskedyul | Magreserba | Magpakalat

- Lokal na etnikong balita sa media
- Lokal na etnikong nakalimbag
- Lokal na etnikong radyo
- Lokal na etnikong pag-abot



Mga Pangunahing Timeline

Mga Timeline ng Halalan

- Ika-24 ng Setyembre
 - Pagpapakoreo ng Halimbawang Balota
- Ika-5 ng Oktubre
 - Umpisa ng pagpapakoreo ng balota ng Pagboto sa pamamagitan ng Koreo
- Ika-19 ng Oktubre
 - Pagsasarado ng rehistrasyon
- Ika- 24 ng Oktubre
 - Umpisa ng personal na pagboto
- Ika- 31 ng Oktubre
 - Pagbubukas ng lahat ng Sentro ng Pagboto

Mga Timeline ng Yugto ng Bayad na Media

- Yugto I – Ika-27 ng Hulyo hanggang Ika-1 ng Setyembre
 - Pagsasaliksik at Pagbuo
- Yugto II – Ika-1 ng Setyembre hanggang Ika-20 ng Setyembre
 - Edukasyon ng Botante
- Yugto III – Ika-21 ng Setyembre hanggang Ika-18 ng Oktubre
 - Rehistrasyon ng Botante at Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo
- Yugto IV – Ika-19 ng Oktubre hanggang Ika-18 ng Oktubre
 - Lumabas/Manatili sa loob at Bumoto
- Yugto V – Ika-4 ng Nobyembre hanggang Ika-30 ng Nobyembre
 - Pag-aaral at Pag-uulat



Salamat sa Inyo!

Mga katanungan?

Dean Logan – Tagapagrehistro-Tagapagtala/Klerk ng County

Epifanio “Epi” Peinado – Pansamantalang Puno ng Operasyon

Monica Flores – Tagapamahala ng Pamahalaan at mga Pambatasang Usapin

Mike Sanchez – Tagapamahala ng mga Komyunikasyon at Media

